4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 4**
**Kuwarter 2: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Helengrace A. Lao, Ph.D. (Western Mindanao State University)

**Tagasuri**
- Florisa B. Simeon, Ph.D. (Philippine Normal University — Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN/ KUWARTER 2 / BAITANG 4**

<table>
<tr><th colspan="2">I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN</th></tr>
<tr><td>A. Mga Pamantayang Pangnilalaman</td><td>Naipamamalas ang pag-unawa sa ugnayan ng tao at heograpiya bilang batayan sa angkop na pagtugon sa mga oportunidad at hamong kaakibat nito.</td></tr>
<tr><td>B. Mga Pamantayan sa Pagganap</td><td>Nakabubuo ng gawaing nagsusulong sa pangangalaga at paglinang ng mga pinagkukunang yaman.</td></tr>
<tr><td>C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto</td><td>Kasanayan sa Pakikinig at Pagbasa<br><br>● Natutukoy ang mga pinagkukunang-yamang Lupa na matatagpuan sa bansa.<br>a. Naibibigay ang mga iba't-ibang yamang lupa ng bansa.<br>b. Naiisa-isa ang mga biyaya ng mga likas na yamang lupa ng bansa.<br>c. Naiuugnay ang mga yamang lupa ng bansa sa epekto nito sa tao at sa kanyang kabuhayan, kapaligiran, at kultura.<br><br>● Naipaliliwanag ang iba’t ibang pakinabang pang-ekonomiko ng mga pinagkukunang yaman Lupa ng bansa.<br>a. Nailalahad ang mga pang-ekonomiyang aspekto ng pinagkukunang yaman ng bansa.<br>b. Nakapaglalahad ng mga iba't ibang kahalagahan ng yamang Lupa sa pambansang ekonomiya.<br>c. Nakapagsasalaysay ng mga magandang epekto ng paggamit ng mga yamang lupa sa ekonomiya ng bansa.<br>d. Naibabahagi ang mga pakinabang pang-ekonomiya mula sa paggamit ng yamang pambansa para sa kabuhayan, kapaligiran at kultura</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | ● Natatalakay ang mga hamon at pagtugon sa mga gawaing pangkabuhayan ng bansa<br>a. Nasusuri ang mga iba't bang hamon sa mga gawaing pangkabuhayan ng bansa<br>b. Naiisa-isa ang mga batas at ahensya ng pamahalaan na tumutugon sa pagpapahalaga at pagpapanatili ng mga likas na yaman ng bansa.<br>c. Nakapagbibigay ng mga paraan sa pagtugon sa mga hamon pangkabuhayan ng bansa<br>d. Naipaghahambing ang mga epekto ng hamon at pagtugon ng gawaing pangkabuhayan ng bansa sa kabuhayan, kapaligiran at kultura. |
| **D. Nilalaman** | Mga Pinagkukunang – Yaman ng Bansa (Likas na Yaman – **Lupa)** |
| **E. Integrasyon** | Kaalaman sa pananalapi o pang-ekonomiko (financial literacy)<br>Kaalamang pangkapaligiran (environmental literacy)<br>Lokalisasyon |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Antonio, E., et al. (2018). Kayamanan 4. Rex Printing Company: Quezon City.

Bruselas-Mien, J., Perez, L., Dejuras-Nocos, A., & Abanto-Pura, J. (2020). Ikatlong Markahan – Modyul 3: Batas at Panuntunang Pangkapaligiran, Susundin Ko! Unang Edisyon. Legazpi City.

Merciales, F. L. (2020). Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pakinabang Pang-ekonomiko ng Likas na Yaman ng Pilipinas. Unang Edisyon. Legazpi City.

Villanueva, V. M. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino). VMV Publishing House: Makati, Bangkal.

**II. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO**

**TALA SA GURO**

**A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**

**UNANG ARAW**

1. **Munting Balik- Aral**
   Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain:

   Halina't-Umawit:
   Ipapaawit sa mga mag-aaral ang awiting : Anyong Lupa Song" sa himig ng kantang Leron-Leron sinta. (https://youtu.be/o_URZvtK_hs).

   Tugma-Akin: Hatiin ang klase sa dalawang pangkat. Ang mga mag-aaral na napabilang sa unang
   pangkat ay magsusulat sa isang pirasong papel ng isang Anyong Lupa na nabanggit sa awitin. Samantala, ang mga mag-aaral sa Ikalawang Pangkat ay magsusulat sa isang pirasong papel ng katangian ng anyong lupa na nabanggit sa awitin. Pagkatapos magawa ang tuntunin ng aktibidad, humanap ng kapareha na kung saan magkatugma ang bitbit na pangalan ng anyong lupa sa
   katangian nito.



   **Gawain 1: Mapa-Tingin**
   **Panuto:** Gamit ang pisikal na mapa ng Pilipinas, itala ang iba't ibang anyong lupa
   na makikita sa Pilipinas at sabihin kung saang pulo kadalasan itong nakikita. Gamitin ang talaan na makikita sa ibaba.




Mula sa: kgoo.dcmusic.ca

| Anyong Lupa | Pulo kadalasang nakikita (Luzon,Visayas, Mindanao) |
| --- | --- |

Ang mga nakitang halimbawang gawain ay maaarig maging gabay o pagpilian para lubos na maunawaan ang pag-aaralang paksa na may kinalaman sa yamang lupa.

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>Gawin ang mga sumusunod na paraan sa interaktibong talakayan:<br><br>**Masdan-Larawan:** Magbigay ng mga produkto na maaaring makuha sa mga anyong lupa na nasa larawan.<br><br><br>Mula sa: http://2.bp.blogspot.com/<br><br>**Papel Ng Karunungan**: Isulat ang mga naisip na kasagutan sa inihandang papel na nakapaskil sa pisara.<br><br>**Mga produkto na galing sa Lupa**<br><br><br>**Buo-Salita:** Ibigay ang mga salita mula sa kulang na mga titik na katumbas sa tawag natin sa mga produktong galing sa Lupa.<br><br>Y__ma__g L__ __a | Sa bahaging ito, dapat bigyang-diin ng guro na ang Yamang Lupa ay mga **likas** na yaman ng bansa. |

| | | |
|---|---|---|
| | **SUSING-SALITA:** Pansinin ang mga susing salita bilang munting kahulugan sa nabuong salita sa itaas.<br><br><br>Likas na yaman o kayamanan ng isang lugar o bansa na matatagpuan sa kalupaan. Ito ay kinabibilangan ng iba't ibang anyong lupa, kayamanan sa ibabaw ng lupa, at iba't ibang uri ng kalupaan. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1:_Pinagkukunang – Yaman (Yamang Lupa)**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Ikot-Repolyo:** Magbigay ng iba pang halimbawa ng yamang lupa. Ipasa ang papelna repolyo sa mga mag-aaral habang may musikang pinapatugtog, paghinto ng tugtog, babalatan ng may hawak sa papel na repolyo at magbibigay ng isang halimbawa nang naayon sa hinihinging halimbawa na nakasaad balat.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Panoorin ang video tungkol sa mga yamang lupa sa ating bansa. Mga Yamang Lupa \| Teacher Bunny - YouTube. Maaring gamitin ang mga sumusunod na tanong sa pagproseso ng mga kaalaman na makukuha nila sa pinanood na bidyo.<br><br>Pamprosesong Katanungan: (Halimbawa lamang ito, maaring dagdagan ang mga katanungan)<br>1. Saan nanggagaling ang ating mga Yamang lupa?<br>2. Ano ang mga iba't ibang uri ng yaman lupa na matatagpuan sa ating bansa?<br>3. Ano-ano ang mga kagamitan at produkto na nakukuha sa mga yamang lupa?<br>4. Bakit mahalaga ang mga yamang lupa?<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**.<br><br>**Gawain 2: Tanong-Tugon**: Humanap ng kapareha at ibigay ang tugon sa sumusunod na tanong: | Sa bahaging ito, bigyang-diin ang mga halimbawa ng mga yaman na makukuha sa kalupaan (Hal. palay, mais, gulay at prutas, halamang gamot, punong kahoy, mga hayop, at mga materyales sa paggawa ng iba’t ibang kasangkapan at kagamitan na nanggagaling sa troso na kinukuha sa kabundukan, atbp.)<br><br>Mahalagang patnubayan ang mga mag-aaral habang nanonood sila ng bidyo |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Tanong 1**<br>Ano ang ibig sabihin ng **Likas** na Yaman? | **Tugon Mo**<br>__________<br>__________<br>__________ | **Tugon N'ya**<br>__________<br>__________<br>__________ | Iproseso ang mga kasagutan ng mga mag-aaral sa "**Tanong-Tugon**" at bigyang - diin na ang mga yaman ng bansa ay may malalim na ugnayan sa kabuhayan, kalikasan, at kultura nito. Ito ang nagbibigay buhay sa ating ekonomiya, nagpapalaganap ng kahalagahan ng pangangalaga sa kalikasan, at nagpapalakas sa pag-usbong ng ating kultura. Ito'y mga aspeto ng bansa na nagkakabuklod, nagpapalaganap ng pagkakakilanlan, at nagtutulak sa atin na mapanatili ang yaman ng ating bayan. |
| | **Tanong 2**<br>Ano-ano ang mga yamang lupa na matatagpuan sa inyong paligid o komunidad? | **Tugon Mo**<br>__________<br>__________<br>__________<br>_____ | **Tugon N'ya**<br>__________<br>__________<br>__________<br>_____ | |
| | **Tanong 3**<br>Ano sa tingin ninyo ang epekto sa ating kabuhayan, kapaligiran at kultura kung sagana tayo sa yamang lupa? | **Tugon Mo**<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________ | **Tugon N'ya**<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________ | |
| | **Tanong 4**<br>Ano ang ating dapat gawin para hindi maubos ang ating yamang lupa? | **Tugon Mo**<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________ | **Tugon N'ya**<br>__________<br>__________<br>__________<br>__________ | |

| | | |
|---|---|---|
| ***Lagda ng Mag-aaral:*** | | Lagda ng Kamag-aral: ______________________<br>Lagda ng Kamag-aral: ______________________<br>Lagda ng Kamag-aral: ______________________ |

**Gawain 3: BUO-KAHULUGAN:** Mula sa naibigay na mga kasagutan, dugtungan ang mga hindi tinapos na pahayag.

Ang mga yaman ng bansa ay may malalim na ugnayan sa pangkabuhayan, kapaligiran at kultura ng mga mamamayan dahil….



Kapag sagana sa Likas na Yaman ang bansa, ito ay magiging maunlad sapagkat…

## IKATLONG ARAW

**Kaugnay na Paksa 2: Mga Hamon at Pagtugon sa mga Gawaing Pangkabuhayan ng Bansa**

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

   **Gawain 4: Trabaho: Buhay at Kabuhayan:** Ang yamang lupa at tubig ay dalawang mahahalagang bahagi ng kalikasan na nagbibigay buhay sa maraming hanapbuhay sa komunidad. Sabihin kung ano ang tawag sa mga gawaing pangkabuhayan na inilalarawan sa bawat pahayag.

HANAPBUHAY

1. Nagtatanim ng mga halamang nakakain gaya ng palay, mais, niyog, tubo, gulay at prutas. ____________________
2. Naghuhukay ng ginto at bakal ____________________
3. Pumuputol ng mga puno, lalo na ang mga puno ng kahoy, upang gawing kahoy o kahoy na pang-konstruksiyon. ____________________
4. Kumukuha ng isda o iba pang mga yamang-dagat ____________________
5. Nagmimina o kumukuha ng mga mineral, metal, o iba pang yamang mula sa kalaliman ng lupa. ____________________

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Maraming iba'tibang hamon ang kinakaharap ng mga gawaing pangkabuhayan sa isang bansa. Isa sa mga dahilan ay ang mga gawaing nakasisira sa kapaligiran at nagdudulot ng masamang epekto sa ating mga likas na yaman.

**PANSININ MO:** Suriin ang mga larawan. Ano ang maaaring maidudulot nito sa ating mga likas na yaman at sa pangkabuhayan ng mga mamamayan?



Mula sa: www.slideshare.net

**Sulat-isip:** Hatiin ang klase sa dalawang grupo at bumuo ng dalawang malalaking bilog. Magsulat ng isang sagot ang bawat mag-aaral sa grupo ukol sa nakitang larawan sa papel na ipapasa-pasa sa bawat isa. Pagkatapos maikot ang papel sa lahat ng mga miyembro, tatawag ang guro ng isang kinatawan sa bawat grupo upang basahin ang lahat ng mga sagot na naisulat.Pagkatapos matawag ang mga kinatawan ng grupo, ipoproseso ng guro ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral at ilahad ang kahalagahan ng pinagkukunang-yaman sa ating ekonomiya at sa mga kabuyahan, kapaligiran at kultura natin. Maaring idadaan ng guro ang diskusyon sa pamamagitan ng "graphic organizer" upang mabilis maiuugnay ng mga mag-aaral ang epekto ng masamang gawain o mga hamon sa ating likas na yaman sa hanap-buhay ng mga tao, sa kapaligiran, at sa kultura.

**Itanong:** Ano kaya ang mangyayari kung patuloy ang mga hamon sa ating mga likas na yamang lupa at tubig?



**Masdan Mo:**

Upang masolusyonan o malutas ang iba't-ibang hamon sa ating mga likas na yamang lupa at tubig, ang pamahalaan ay bumuo ng mga local at nasyunal na batas pangkapaligiran. Basahin ang mga sumusunod:

1. **Ang RA 9003, o Ecological Waste Management Act of 2000**, ay isang batas sa Pilipinasna naglalayong mapanatili ang kalinisan ng kapaligiran. Ipinatutupad nito ang wastong pagkakabukod-bukod ng basura sa pamamagitan ng paghihiwalay ng recyclable waste at compostable waste.
2. **RA 8749 o Philippine Clean Air Act of 1999** ay naglalayong bawasan ang polusyon sa hangin sa pamamagitan ng regulasyon ng mga emisyon ng sasakyan, pagsasailalim sa pagsusuri ng mga emisyon ng sasakyan upang limitahan ang nakalalasong pollutants, kontrolin ang paninigarilyo sa mga pampublikong lugar at sasakyan, at pagtutol sa pagsusunog ng basura.

3. **"Basura Ko, Bitbit Ko," "Tapat Ko, Linis Ko," "Clean and Green," at CLAYGO (Clean As You Go).** Ang bawat pamayanan ay may mga panuntunan para sa pangangalaga ng kalikasan, na naglalayong suportahan ang pamahalaan sa pagpapalinis ng kapaligiran at pangangalaga sa kalusugan ng mamamayan. Kasama sa mga programa ang "Basura Ko, Bitbit Ko," "Tapat Ko, Linis Ko," "Clean and Green," at CLAYGO (Clean As You Go), na naglalayong linisin ang sariling kalat bago umalis sa isang lugar.

**Siksik-Saliksik:**

1. Magsaliksik ng iba pang mga batas pangkapaligiran o programa ng pamahalaan na ipinatutupad ng ating pamahalaan o pamayaan upang malinang at maprotektahan ang ating mga likas na yamang lupa.
2. Alamin ang iba't ibang ahensya ng pamahalaan na tumutulong sa pangangalaga ng ating mga likas na yaman.


Maghahanda ang guro ng papel na may nakasulat na :


**MASAMANG EPEKTO SA Yamang Lupa**

**3. Paglalapat At Pag-Uugnay**

Mula sa napag-aralang paksa, ipagawa ang mga sumusunod na gawain.

**Gawain 5: Punan-Detalye**: Buuin ang “konseptong mapa” ng mga salita o detalye ayon sa mga kaalaman na nalikom sa talakayan tungkol sa kahalagahan ng pinagkukunang-yaman sa pambansang ekonomiya at sa gawaing pangkabuhayan ng mga mamamayan, kapaligiran at kultura.




**IKAAPAT NA ARAW**

**Kaugnay na Paksa 3:_Epekto Ng Pakinabang Pang-Ekonomiko ng mga Likas nna Yaman (Lupa) sa Tao sa Kanyang Kabuhayan, Kapaligiran at Kultura**

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

**Buo Pangungusap**

Kumpletuhin ang pangungusap batay sa nakaraang aralin. Piliin ang mga sagot sa loob ng kahon.

| KAPATAGAN | TURISTA |
|---|---|
| GULAY | KABUNDUKAN |
| PRUTAS | |

1. Ang Pilipinas ay binubuo ng malalawak na ____________________.
2. Sa kapatagan matatagpuan ang malalaking taniman ng __________ at __________.
3. Maraming magagandang tanawin na dinarayo ng mga ____________.
4. Ang mga troso na ginagawang "plywood" ay yaman na matatgpuan sa _________.

**Buo-Salita:** Buuin ang salita na may kaugnayan sa ating aralin ngayon.


L__ __ __S Y__ __ __ N

Ang "likas yaman" ay tumutukoy sa mga likas na kagamitan, yaman, o mga kalagayan sa kalikasan na may halaga para sa tao.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Ano-ano kaya ang mga pakinabang na naibibigay ng mga Likas na yamang lupa tungo sa pag-angat ng ating ekonomiya?

**Gawain 7: Punan-Halaga:** Punan ng sagot ang "graphic organizer" ng posibleng pakinabang na naibibigay ng mga likas na yamang lupa tungo sa pag-angat ng ating ekonomiya



**Ilahad sa klase:**

| | |
|---|---|
| Pakinabang sa Industriyalisasyon | Ang mga likas na yaman lupa ay mahalagang sangkap sa industriyalisasyon. Ang mga ito ay ginagamit sa pagproseso at produksyon ng mga kalakal, na nagbibigay trabaho at kita sa maraming tao. |
| Pakinabang sa Agraryanong | Ang agrikultura ay isang pangunahing sektor sa maraming ekonomiya, at likas na yaman tulad ng lupa ay nagbibigay-katuturan sa pagsasaka. Ang mga produktong agrikultura ay nagsusustento sa malalaking bahagi ng populasyon. |
| Pakinabang sa Turismo | Ang magagandang tanawin at kalikasan ay naghahatid ng kita sa pamamagitan ng turismo. Ang mga turistang bumibisita ay naglalaan ng pera sa komunidad, lumilikha ng trabaho, at nagpapalaganap ng ekonomikong aktibidad populasyon. |

**D. Paglalahat**

**1. Pabaong Pagkatuto**

Gawing gabay ang kuwadro sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.

**Gawain 8: Bintana ng Pag-Unawa:** Balikan muli ang mga napag-aralang konsepto tungkol sa yamang lupa at tubig at punan ng mga kaisipan ang mga kahon.




| KAHULUGAN | KAHALAGAHAN |
|---|---|
| • Nagmumula sa kalikasan na nagdudulot ng benepisyo sa ekonomiya, kalusugan, kultura, at pangangalaga ng kalikasan | • Pangunahing pinagmumulan ng mga pagkain<br>• Nagbibigay trabaho at kita sa mga komunidad, lalo na sa mga rural na |


<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td></td><td>lugar na umaasa sa agrikultura at pangingisda</td></tr>
<tr><td>KATANGIAN<br>● Maaring matatagpuan sa kalupaan o katubigan</td><td>HAMON<br>● Mga Gawain gaya ng pagtatapon ng basura sa paligid at mga katubigan, pagputol ng mga kahoy, pagkakaingin, pangangaso, paggamit ng laso at dinamita sa pangingisda, at pagbpapabaya sa mga anyong lupa at tubig na siyang pinangagalingan ng mga yamang lupa at tubig.<br>● May mga ahensya ang mga pamahalaan na namamahala</td></tr>
</table>
2. Pagninilay sa Pagkatuto<br><br>
Gawain 10<br>
1. Ano ang naranasan mo habang ginagawa ang mga gawain sa pagkatuto?<br>
2. Ano ang naramdaman mo nang nalaman mo ang kahalagahan at mga hamon sa ating yamang lupa?<br>
3. Ano gagawin mo upang mapangalagaan ang mga yamang lupa?
</td>
<td>Mahalagang malagom ang naging pagninilay ng mga mag-aaral batay sa naging karanasan sa buong proseso ng pagtuturo. Ang mga kasagutan kaugnay ng naramdaman at naranasan ay makatutulong sa planong gagawin at pagpapaunlad sa mga susunod na pagbuo ng mga gawain at pagsasanay sa iba't iba pang paparating na paksa at aralin.</td>
</tr>
</table>

| **III. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Gawain 11: Tara't- Maglikha:** Sagutin ang tanong sa loob ng kahon sa pamamagitan ng paggawa ng mga sumusunod na gawain. Pumili lamang ng isang gawain na sa tingin mo ay magagawa mo nang mahusay. | |

Ano ang ating dapat gawin upang umunlad ang kalagayang pang ekonomiya ng ating bansa sa pamamagitan ng ating mga likas yamang lupa?

- GAWAIN 1 — Lumikha o gumamit ng himig ng isang awitin
- GAWAIN 2 — Maghanda ng isang ulat sa pamamagitan ng pagganap bilang
- GAWAIN 3 — Magpakita ng isang dula-dulaan
- GAWAIN 4 — Gumawa ng isang "comic strip"

| **Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| Kabuluhan | Lubhang makabuluhan ang mensahe ng sagot sa katanungan. | Makbuluhan ang mensahe. | Hindi gaanong makabuluhan ang mensahe. | Hindi makabuluhan ang mensahe. |
| Kalinawan Ng Paglalahad | Lubhang malinaw ang lahat ng mensahe ng sagot sa katanungan. | Malinaw ang karamihan sa mensahe at pananalitang ginawa. | Hindi malinaw ang karamihan sa mensahe at pananalitang ginawa. | Hindi malinaw ang sa mensahe at pananalitang ginawa. |
| Paglalahad | Kawili-wili at nakahihikayat ang paglalahd. | Epektibo ang paglalahad. | May kaayusan at maliwanag ang paglalahad. | Walang kaayusan at hindi maliwanag ang paglalahad. |

<table>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>
<table>
<tr><th>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</th><th>Epektibong Pamamaraan</th><th>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</th></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td>Pahayag-Paliwanag sa Danas ng Pagtuturo<br><br>Pakiramdam ko, ang linggong ito aysapagkat______________________________<br>______________________________________________.<br>Naging mapanghamon ang pagtuturo dahil____________________<br>______________________________________________.<br>Sa huli, nagtagumpay ang pagtuturo sapagkat ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay makikita sa______________________________</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td>
</tr>
</table>